



1. Ano ang monkeypox?

Ang monkeypox ay nakakahawang sakit na sanhi ng monkeypox virus. Ang monkey pox virus ay nasa parehong pamilya ng mga virus na variola, ang virus na nagsasanhi ng bulutong. Ang mga sintomas ng monkey pox at bulutong ay magkapareho, pero ang mga sintomas ng monkeypox ay mas banayad at napakabihirang makamatay. Ang monkeypox ay walang relasyon sa bulutong-tubig.

Ang monkeypox ay unang natuklasan noong 1958 sa mga grupo ng mga unggoy na kinupkop para sa pagasaliksik. Ang unang kaso sa tao ng monkeypox ay naitala noong 1970. Noong una, ang monkeypox ay naitala sa mga taong nasa ilang gitna at kanlurang mga bansa ng Africa (central and western African countries). Ang halos lahat ng mga kasong monkeypox sa mga taong nasa Amerika ay naiugnay sa pandaigdigang paglalakbay sa mga bansa kung saan alam na may sakit na nangyayari o sa pamamagitan ng inangkat na mga hayop.

Simula ng May 2022, gayunman, mayroong malaking pagsiklab ng monkeypox sa maraming mga bansa, kabilang ang Amerika. Ang pangunahing paraan ng pagkahawa ng mga tao ay sa pamamagitan ng malapit, matalik na kontak sa mga taong may sintomas, pangunahin sa panahon ng sekswal na aktibidad. Bagama't ang ilang tao ay maaaring magkasakit nang malubha, karamihan sa mga tao ay hindi nangangailangan ng pangangalaga sa hospital at gumagaling sa loob ng 2-4 na linggo. Ang mga bakuna at panlaban sa virus (antiviral) na paggamot ay magagamit na para sa monkeypox.

Ang mga sumusunod na Mga Madalas na Katanungan (FAQs) ay tungkol sa pagsiklab ng monkeypox sa Amerika ngayong 2022.

2. Ano ang mga palatandaan at sintomas ng monkeypox?

Ang mga sintomas ng monkeypox ay pangkaraniwang nagsisimula sa loob ng 3 linggo ng pagkakatamad sa virus.

Ang pinaka-pangkaraniwang sintomas ay pantal na maaring:

- Mukhang mga bukol, tagihawat, paltos, o langib. Ito ay dadaan sa ilang yugto bago gumaling. Sa pangkalahatan, ang pantal ay nagsisimula bilang pula, patag na batik, at pagkatapos ay nagiging mga bukol. Ang mga bukol na iyon ay maaaring mapuno ng likido na nagiging nana. Ang mga bukol pagkatapos ay nagbabalat at nagiging langib.
- Nasa o malapit sa mga ari (ari ng lalaki, bayag, labi ng ari ng babae, at ari ng babae), puwit (butas ng puwit), bibig, o iba pang bahagi katulad ng mga kamay, paa, dibdib, at mukha.
- Kumalat sa buong katawan o maaaring limitado lang sa isang lugar. Maaaring meron lang kaunting mga bukol o paltos.
- Maging masakit at/o makati. Ang ilang mga tao ay may matinding pananakit, lalo na kung ang pantal ay nasa loob ng kanilang bibig o puwit.

Ang mga tao ay maaari ring magkaroon ng mga sintomas na tulad ng trangkaso bilang karagdagan sa pantal. Maaaring lumitaw ang mga ito 1-4 na araw bago magsimula ang pantal o pagkatapos magsimula ang pantal. Kabilang sa mga ito ang lagnat/panginginig, namamagang mga kulani, pagkahapo, pananakit ng kalamnan, at sakit ng ulo.



MONKEYPOX

Mga Madalas na Katanungan

Karamihan sa mga taong may monkeypox ay gumagaling sa loob ng 2-4 na linggo.

Para makita ang mga litrato ng pantal ng monkeypox, bisitahin ang Mga Madalas na Katanungan (FAQs) sa ph.lacounty.gov/monkeypox.

3. Paano kumakalat ang monkeypox?

Ang pangunahing paraan ng pagkalat ng monkeypox ay sa pamamagitan ng malapit, matalik na kontak sa mga taong may mga sintomas, pangunahin ay sa panahon ng sekswal na aktibidad.

Ang monkeypox ay maaaring maikalat sa pamamagitan ng:

- Direktang kontak ng balat-sa-balat sa mga sugat o langib mula sa taong may monkeypox na ginamit ng taong may monkeypox
- Direktang kontak sa mga likido sa katawan o mga inilalabas ng palahingahan mula sa taong may monkeypox, tulad ng lumalabas mula sa mga sugat sa balat o laway na may kontak sa mga sugat sa bibig.
- Natinik/naturukan ng matulis na bagay (tulad ng karayom) na sumagi sa mga sugat o likido sa katawan ng taong may monkeypox.
- Paghawak sa mga materyales (tulad ng sapin sa kama, tuwalya, damit) na sumagi sa mga sugat o likido sa katawan ng taong may monkeypox at hindi pa nalilinis. (Tandaan: ang CDC ay nagsasaad na ang panganib na magkaroon ng monkeypox sa ganitong paraan ay mababa).

Ang taong may monkeypox ay maaaring maikalat ito sa iba mula sa oras na nagsimula ang mga sintomas hanggang sa ganap ng gumaling ang pantal at ang bagong patong ng balat ay nabuo na. Ito ay karaniwang tumatagal ng 2 hanggang 4 na linggo.

Ang buntis na taong may monkeypox ay maaaring maipasa ang virus sa kanilang sanggol sa sinapupunan sa pamamagitan ng inunan (placenta). Ang virus ay maaari ring maipasa sa bata sa pamamagitan ng matalik na kontak habang nanganganak at pagkatapos manganak.

Nagsasaliksik pa rin ang mga siyentipiko tungkol sa kung paano kumakalat ang monkeypox, kabilang ang:

- Kung ang virus ay maaaring kumalat kapag ang tao ay walang mga [sintomas](#) (sa ngayon wala pang ebidensya na ito ay nangyayari)
- Gaano kadalas ito kumakalat sa pamamagitan ng mga lumalabas sa palahingahan
- Kung ang monkeypox ay maaaring maikalat sa pamamagitan ng semilya, mga likido na lumalabas sa ari ng babae, ihi, o dumi.

Tingnan ph.lacounty.gov/monkeypox para sa karagdagang impormasyon.

4. Sino ang nasa panganib sa monkeypox?

Sa kasalukuyang pagsiklab na ito sa Amerika, ang karamihan sa mga taong nadayagnos na may monkeypox ay mga lalaking nag-ulat na nagkakaroon ng pakikipagtalik o matalik na kontak sa ibang lalaki. Ngunit ang sinuman, anuman ang kanilang sekswal na oryentasyon o pagkakakilanlang



MONKEYPOX

Mga Madalas na Katanungan

pangkasarian, ay nasa panganib kung mayroon silang malapit, matalik na kontak sa taong may sintomas ng monkeypox.

Dahil ito ay isang bagong pagsiklab, ang mga organisasyong pampublikong pangkalusugan sa buong bansa at internasyonal ay natututunan pa rin tungkol sa mga sitwasyon o pag-uugali na maaaring maglagay sa mga tao sa mas mataas na panganib. Patuloy kaming magbabahagi ng impormasyon habang nalalaman namin ang mas marami pa. Ang mas maraming impormasyon ay nasa CDC na [Buod na Ulat ng Agham: Pagtuklas at Pagkalat ng Monkeypox Virus](#).

5. Paano ginagamot ang monkeypox?

Walang mga medisina ng FDA para sa partikular na paggamot ng monkeypox. Ngunit ang inaprubahan ng FDA na kontra sa virus na medisina na ginagamit sa paggamot sa bulutong na tinatawag na tecovirimat (o TPOXX) ay maaaring gamitin upang gamutin ang mga taong may monkeypox. Ang TPOXX ay maaaring ibigay sa mga taong may matinding monkeypox, kabilang ang mga sugat sa mga sensitibong lugar o pananakit na hindi nakontrol ng mga walang resetang (over-the-counter) remedyo. Maaari rin itong ibigay sa mga taong mas malamang na magkasakit ng malubha (tingnan *Sino ang posibleng nasa mataas na panganib sa pagkakaroon ng sakit?* sa ibaba). Alamin pa ang mas marami sa CDC na [Gabay sa mga Pasyente para sa Paggamot ng Monkeypox ng TPOXX](#).

Kung mayroon kang monkeypox, maaari ding magreseta ang iyong doktor ng mga gamot na hindi pang monkeypox na makakatulong na mabawasan ang pananakit at pangangati mula sa pantal o sugat. Para sa impormasyon kung paano pangasiwaan ang iyong mga sintomas, bisitahin ang webpage ng CDC na [Ano ang Gagawin Kapag Ikaw ay May Sakit](#).

6. Ano ang malubhang monkeypox?

Karamihan sa mga taong may monkeypox ay may banayad na karamdaman, ngunit para sa ilang mga tao ang monkeypox ay maaaring maging malubha. Ang mga palatandaan ng malubhang monkeypox ay maaaring kabilangan ng:

- Pantal o sugat sa o malapit sa mata
- Pantal na kumakalat sa buong katawan o nagkakasama
- Sakit sa tumbong (puwit) o yuritra (butas na dinadaan ng ihi) na nagpapahirap sa pagpunta sa banyo
- Sakit sa bibig na nagpapahirap sa pagkain at pag-inom
- Pantal na nagdudugo o mukhang naimpeksyon
- Mga sintomas na lumalala o hindi bumubuti sa paglipas ng panahon

Humingi kaagad ng medikal na tulong kung magkakaroon ka ng alinman sa mga sintomas na ito o may iba pang mga sintomas na nakakabahala sa iyo. Kung mayroon kang hindi makontrol o malala ng HIV, makipagkita sa doktor sa agad-agad, kahit na ang iyong mga sintomas ng monkeypox ay mukhang banayad.



MONKEYPOX

Mga Madalas na Katanungan

7. Sino ang maaaring nasa mas mataas na panganib na lubhang magkasakit?

Ang mga taong nabubuhay na may hindi nakokontrol o malala ng HIV ay nasa mataas na panganib na magkasakit nang malubha kung sila ay magkaroon ng monkeypox. Ang ibang mga tao na sobrang pinigilan ang imyunidad (immunosuppressed) ay itinuturing din na mataas ang panganib na magkasakit.

Ang mga taong may monkeypox na may mga sugat sa kanilang mga mata, bibig, tumbong, at/o ari ay maaaring magkaroon ng matinding pananakit at pamamaga. Ang mga lugar na ito ay maaaring mahawahan ng bakteryang. Mayroon ding panganib ng pagpepeklat.

Bukod dito, batay sa nalalaman natin mula sa mga nakaraang paglaganap ng monkeypox, ang mga sumusunod na grupo ay maaaring nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng malubhang monkeypox, kung sila ay mahawahan. Hindi pa natin alam ang lawak ng kanilang panganib na lubhang magkasakit kung nahawahan sa kasalukuyang pagsiklab.

- Mga taong pinigilan ang imyunidad [immunosuppressed] (may mahinang sistema ng imyunidad dahil sa paggamot, sakit, o impeksyon).
- Mga taong may sakit o kondisyon na nakakaapekto sa balat tulad ng eczema, atopik dermatitis, psoriasis, impetigo, matinding tagihawat, herpes, o paso.
- Mga bata, lalo na ang mga wala pang 8 taong gulang.
- Mga taong buntis o nagpapasuso.

Sa panahon ng pagsiklab na ito, karamihan sa mga taong may monkeypox ay mga lalaking nasa hustong gulang na hindi nangangailangan ng ospital. Gayunpaman, nagkaroon ng napakalubhang kaso ng monkeypox, kabilang ang ilang pagkamatay, sa mga taong may malubhang immunocompromised na immune system. Kabilang dito ang mga taong nabubuhay na may hindi ginagamot o hindi nakokontrol na impeksyon sa HIV.

8. Ano ang gagawin ko kung sa tingin ko ako ay mayroong monkeypox?

Kontakin kaagad ang iyong doktor kung mayroon kang bago, hindi maipaliwanag na pantal o sugat sa alinmang bahagi ng iyong katawan. Ito ay lalong mahalaga kung ikaw ay nalantad sa taong may monkeypox o pinaghihinalaang may monkeypox. Takpan ang lahat ng bahagi ng pantal ng damit, guwantes, at/o benda at gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang iba. Kabilang dito ang pag-iwas sa balat sa balat na kontak at pagiging pisikal na matalik sa iba hanggang sa masuri ka ng doktor. Siguraduhing magsuot ng maskara kapag nagpatingin ka sa doktor.

Tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Pampublikong Kalusugan sa 1-833-540-0473 (bukas araw-araw 8:00 am hanggang 8:30 pm) kung wala kang doktor o segurong pangkalusugan. Kung mayroon kang pantal, maaari mo ring i-akses ang mga serbisyo sa Klinika ng Sekswal na Pangkalusugan ng Pampublikong Kalusugan (tingnan ang iskediyul [dito](#)).

Hanggang sa hindi mo pa alam na wala kang monkeypox, gumawa ng mga hakbang upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng impeksyon sa pamamagitan ng paglayo sa iba. Tingnan [Mga Tagubilin sa Pagbubukod para sa Taong may Monkeypox](#).



MONKEYPOX

Mga Madalas na Katanungan

9. Paano ka magpapasuri para sa monkeypox?

Kung mayroon kang pantal na maaaring sanhi ng monkeypox, susuriin ka ng iyong doktor. Batay sa kanilang pagtatasa, maaari nilang punasan ang iyong pantal para sa pagsusuri. Ang mga pamunas ay ipapadala sa laboratoryo, at ang resulta ng pagsusuri ay dapat na makukuha sa loob ng ilang araw. Walang mga sariling pagsusuri o pagsusuri sa bahay para sa monkeypox sa ngayon.

Hanggang sa hindi mo pa alam na wala kang monkeypox, importante na sundin itong [tagubilin sa pagbubukod dahil sa monkeypox](#).

10. Ano ang dapat kong gawin kung ako ay madayagnos na may monkeypox?

Kung ikaw ay madayagnos na may monkeypox, dapat kang magbukod para protektahan ang iba. Sundin ang mga [Tagubilin sa Pagbubukod para sa Taong may Monkeypox](#) na makikita sa ilang mga wika sa ph.lacounty.gov/monkeypox.

Kontakin ang iyong mga kapartner sa pakikipagtalik at sinumang tao na may napakalapit, matalik at/o matagal na kontak mula noong nagsimula ang iyong mga sintomas. Gawin ito sa lalong madaling panahon upang maikonsidera nila na [magpabakuna](#) (kung hindi pa sila nagkakaroon ng monkeypox o hindi pa nababakunahan para sa monkeypox). Ang pagpapabakuna pagkatapos ng pagkakatapos ay maaaring mapigilan ang monkeypox o gawing hindi malala ang sakit. Maaari din nilang masubaybayan ang anumang mga sintomas ng monkeypox.

Mangyaring sagutin ang mga tawag mula sa Pampublikong Kalusugan. Makikipag-ugnayan sila upang tanungin ka tungkol sa iyong mga aktibidad bago at pagkatapos mong magkaroon ng mga sintomas. Ito ay upang subukang malaman kung paano ka maaaring nalantad sa monkeypox at upang makatulong na makilala ang ibang mga tao na maaaring nalantad.

11. Paano ko mababawasan ang aking panganib sa monkeypox?

Mayroong ilang mga paraan upang mabawasan ang panganib ng monkeypox:

- Magpabakuna kung ikaw ay kwalipikado (tingnan sa ibaba)
- Iwasan ang napakalapit na matalik na kontak sa taong may mga sintomas ng monkeypox, lalo na:
 - Pakikipagtalik sa pamamagitan ng bibig, puwit, at ari ng babae, o paghawak sa mga ari o puwit
 - Pagyayapusan, pagyayakapan, pagmamasaha, at/o paghahalikan
 - Balat sa balat na kontak sa pantal ng kanilang katawan
 - Paghihiraman ng mga tuwalya, damit, kobre kama, kumot, o iba pang mga bagay at materyales (hal., mga sepilyo, tasa, kagamitan pangkain, at mga sekswal na laruan) na hindi pa nalilinis.
- Hugasan ang iyong mga kamay, mga kagamitang ginagamit sa pagtatalik, laruang sekswal, at mga tela (mga kumot, tuwalya, damit) pagkatapos makipagtalik.
- Magsuot ng naaangkop na kagamitan pamproteksyon (maskara, guwantes, at abito) kung hindi mo maiiwasan ang malapit na kontak sa taong may mga sintomas ng monkeypox.



MONKEYPOX

Mga Madalas na Katanungan

- Makipag-usap sa (mga) sekswal na kapartner tungkol sa anumang kamakailang sakit at bago o hindi maipaliwanag na mga sugat o pantal kabilang ang mga ari o puwit.
- Gumamit ng condom. Ang mga condom lamang ay malamang na hindi sapat upang mapigilan ang monkeypox. Ngunit maaari nilang mabawasan ang panganib, at maaaring makatulong na mapigilan ang mga sugat sa mga sensitibong bahagi, tulad ng puwit, bibig, o mga ari.
- Bawasan ang bilang ng mga sekswal na kapartner.
- Iwasan ang mga mas mapanganib na aktibidad tulad ng hindi kilalang pakikipagtalik at pagtitipong sekswal (sex party).

Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang webpage ng CDC, [Mas Ligtas na Pakikipagtalik, Pagtitipong Sosyal at Monkeypox](#).

12. Mayroon bang bakuna para sa monkeypox?

Oo. Ang bakuna na tinatawag na JYNNEOS ay inaprubahan ng FDA upang mapigilan ang monkeypox sa mga taong edad 18 pataas. Magagamit din ito sa ilalim ng emerhensyang paggamit na awtorisado ng FDA (EUA) para sa mga taong wala pang 18 taong gulang. Isa itong dalawang-dosis na bakuna. Tumatagal ng 14 na araw pagkatapos makuha ang pangalawang dosis ng JYNNEOS para makuha ang pinakamahasag na pagtugon ng imyunidad sa bakuna. Ngunit kahit na ang pagkuha ng isang dosis ay maaaring magbigay ng ilang proteksyon. Mahalagang tandaan, alinman sa isa o dalawang dosis ng bakuna ay hindi 100% na epektibo sa pagpigil sa impeksyon. Mahalaga pa rin na patuloy na gumawa ng iba pang mga hakbang upang mabawasan ang iyong panganib.

Kung ang bakuna ay ibinigay bago ang tao ay nalantad sa monkeypox, nakakatulong ito upang maprotektahan sila mula sa pagkakaroon ng monkeypox.

Kung ito ay ibinigay pagkatapos ng pagkakarantad, maaari itong makatulong upang mapigilan ang sakit o gawin itong hindi gaanong malala. Dapat itong ibigay sa loob ng 14 na araw ng pagkakarantad (pinakamainam sa unang 4 na araw).

Kung ang tao ay mayroon nang monkeypox, hindi inirerekomenda ang bakuna. Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa bakuna, tingnan ang [Mga Kadalasang Katanungan sa Bakuna para sa Monkeypox](#).

13. Sino ang kwalipikado para sa bakuna sa monkeypox?

Magagamit na ang bakuna para sa:

- Sinumang lalaki o transgender na taong nakikipagtalik sa mga lalaki o transgender na tao
- Mga tao ng anumang kasarian o sekswal na oryentasyon na nakikibahagi sa komersyal at/o bayarang pakikipagtalik (hal., pakikipagtalik kapalit ng pera, tirahan, pagkain, o iba pang mga kalakal o pangangailangan) o nakikipagtalik sa may kaugnay sa malaking pampublikong kaganapan
- Mga taong nabubuhay na may HIV, lalo na ang mga taong may hindi nakokontrol o masyado ng malala ang sakit sa HIV
- Mga taong nagkaroon ng balat-sa-balat o matalik na kontak sa taong may pinaghihinalaan o kumpirmadong monkeypox, kabilang ang mga hindi pa nakumpirma ng Pampublikong Kalusugan



MONKEYPOX

Mga Madalas na Katanungan

- Mga kapartner sa pakikipagtalik ng mga tao sa alinman sa mga pangkat sa itaas
- Mga taong inaasahang mapabilang sa alinman sa mga pangkat sa itaas.

Maaaring palawakin ang pagiging kwalipikado sa iba pang mga grupo sa hinaharap – para sa pinakabagong impormasyon, tingnan ph.lacounty.gov/monkeypox/vaccine.htm.

14. Paano ako mababakunahan?

Kung isa ka sa mga grupo na kwalipikado ng mabakunahan para sa monkeypox, pumunta sa [Lugar ng Bakunahan ng Pampublikong Kalusugan](#) o bisitahin Myturn.ca.gov para makakita ng lugar na malapit sa iyo. Kapag pumunta ka sa lokasyon, maging handa na patunayan na natutugunan mo ang pamantayan sa pagiging kwalipikado para makatanggap ng bakuna sa monkeypox.

Bisitahin ang ph.lacounty.gov/monkeypox/vaccine.htm para malaman kung ikaw ay kwalipikado sa pagbabakuna.

Tingnan ang [Mga Madalas na Katanungan sa Bakuna ng Monkeypox](#) para sa mas maraming impormasyon sa bakuna ng JYNNEOS.

15. Ano ang dapat kong gawin kung ako ay nalantad sa monkeypox?

Subaybayan ang iyong kalusugan. Ang mga taong nagkakaroon ng monkeypox ay karaniwang nagkakaroon ng mga sintomas 7-14 araw (at hanggang 21 araw) pagkatapos malantad. Maaari mong ipagpatuloy ang iyong nakaugaliang pang-araw-araw na gawain hangga't hindi ka nagkakaroon ng mga sintomas. Maging handa na ibukod ang iyong sarili sa iba kung magkakaroon ka ng mga sintomas ng monkeypox.

Magpabakuna kung hindi mo pa nakumpleto ang dalawang-dosis na serye ng monkeypox. Ang pagkuha ng dosis ng bakuna sa monkeypox sa loob ng 4 na araw pagkatapos ng pagkakalantad ay maaaring makatulong na mapigilan na ikaw ay mahawa. Ang pagpapabakuna ng ika 4-14 araw pagkatapos ng pagkakalantad ay maaaring maging hindi malala ang iyong impeksyon. Alamin pa ang mas marami sa ph.lacounty.gov/monkeypox/vaccine.htm.

Mangyaring sagutin ang mga tawag mula sa Pampublikong Kalusugan. Kung ikaw ay pinangalanan bilang isang nakasalamuha ng taong may monkeypox, maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang Pampublikong Kalusugan upang malaman kung ano ang iyong nararamdaman at mag-alok ng pagbabakuna kung naaangkop.

Sundin ang [Gabay para sa mga Indibidwal na Nalantad sa Monkeypox](#) para sa mas marami pang impormasyon.

16. Ano ang maaaring gawin ng mga taong may HIV upang maprotektahan ang kanilang sarili mula sa monkeypox?

Ang mga taong nabubuhay na may HIV ay dapat sumunod sa parehong mga rekomendasyon tulad ng iba upang maprotektahan ang kanilang sarili mula sa pagkakaroon ng monkeypox. Gayunpaman, may mga karagdagang hakbang na dapat gawin ng mga taong may HIV. Ito ay dahil parami nang parami ang



MONKEYPOX

Mga Madalas na Katanungan

ebidensya na ang impeksiyon ng monkeypox ay maaaring maging mas malala para sa mga taong nabubuhay na may HIV na may mababang bilang ng CD4 (<350 cell/ml) o hindi napigilang pagkakaroon ng virus (viral load).

Ano ang maaari mong gawin upang maprotektahan ang iyong sarili?

- Magpabakuna para sa monkeypox. Ang bakuna ay ligtas at maaaring ibigay sa pagitan ng mga patong ng balat (intradermally) o sa ilalim ng balat (subcutaneously).
- Iwasan ang direktang kontak sa mga pantal o sa mga lumalabas galing sa mga taong may monkeypox. Tingnan ang *Paano ko mababawasan ang aking panganib na magkaroon ng monkeypox?*
- Siguraduhin na kontrolado mo ang iyong impeksiyon sa HIV. Mahalaga na regular mong inumin ang iyong antiretroviral therapy (ART) gaya ng itinuro. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng doktor sa HIV o paggawa ng tipanan, ang kawani ng Pampublikong Kalusugan ay handang tumulong - bisitahin ang ph.lacounty.gov/dhsp/RapidART.htm o tumawag sa 1-833-351-2298.

Ano ang dapat mong gawin kung sa tingin mo ay mayroon kang monkeypox?

- Kung magkakaroon ka ng bagong pantal o sugat na sa tingin mo ay monkeypox, magpatingin kaagad sa doktor. Ipaalam sa kanila na mayroon kang HIV.
 - Kung pinaghihinalaan ng iyong doktor ang monkeypox, maaari ka nilang simulan kaagad sa panlabas sa virus na paggamot (antiviral treatment) para sa monkeypox (TPOXX), lalo na kung mayroon kang hindi makontrol o malubhang HIV. Kung ang iyong HIV ay mahusay na kontrolado ngunit mayroon kang monkeypox na sugat sa iyong mga mata, bibig, puwit, o ari ng lalaki, maaari nilang irekomenda ang pagsisimula ng TPOXX upang mabawasan ang panganib ng pananakit, impeksiyon, at pagkakapilat.
- Kung ikaw ay niresetahan ng TPOXX, napakahalaga na inumin mo ito ayon sa tagubilin.
- Para sa karagdagang impormasyon tingnan *ang Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin ko ay mayroon akong monkeypox?*

Bisitahin ang HIV.gov [Nabagong Monkeypox](http://NabagongMonkeypox) para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa monkeypox at HIV.

17. Maaari bang magkaroon ng monkeypox ang mga bata?

Oo. Kahit sino ay maaaring magkaroon ng monkeypox kung sila ay malapit na kontak, personal o matalik na kontak sa taong may monkeypox. Ang panganib ng mga bata na mahawahan ng monkeypox sa panahon ng pagsiklab na ito ay napakababa. Habang ang mga kaso sa mga bata ay nangyari na sa Amerika, ang mga ito ay napakabihira.

Ang mga mas bata ay nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng monkeypox kung sila ay nakatira kasama ang taong may monkeypox, lalo na kung sila ay ay may balat sa balat na kontak sa may impeksiyon na tao. Kung mayroon kang monkeypox o pinaghihinalaang monkeypox, gumawa ng mga hakbang upang protektahan ang lahat sa iyong tahanan. Tingnan mo ang [Mga Tagubilin ng Pagbubukod para sa mga Taong may Monkeypox](#).



MONKEYPOX

Mga Madalas na Katanungan

Ang mga nasa tamang edad na kabataan na pisikal na matalik/aktibo sa pakikipagtalik sa iba ay mas mataas din ang panganib na magkaroon ng monkeypox. Ito ay lalong totoo kung sila ay lalaki na nakikipagtalik sa ibang lalaki. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang CDC webpage na [Ligtas na Pakikipagtalik, Sosyal na Pagtitipon at Monkeypox](#).

18. Anong uri ng mga produktong panlinis ang gumagana laban sa monkeypox?

Ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay may listahan ng mga pangdis-impektang mga produkto na nakarehistro para gamitin laban sa monkeypox virus. Kabilang sa listahan ang mga sikat na produkto na ginagamit na ng maraming negosyo at indibidwal. Matatagpuan ito sa [website ng EPA](#). Ang website ay may kagamitan na makakatulong sa paghahanap kung saan maaari kang maghanap ng mga pangdis-impekta ayon sa iba't ibang klase gaya ng pangalan ng produkto, haba ng kontak, at uri ng ibabaw.

- Suriin kung ang produkto ay nakarehistro sa EPA
- Basahin ang mga direksyon ng tagagawa. Siguraduhing ito ang tamang produkto para sa iyong ibabaw.
- Linisin ang ibabaw gamit ang sabon at tubig kung binabanggit sa mga direksyon ang paunang paglilinis bago lagyan ng pangdis-impekta o kung ang ibabaw ay nakikitang marumi. Maaaring pigilan ng dumi na gumana ang pangdis-impekta.
- Sundin ang mga tagubilin sa haba ng kontak. Ang ibabaw ay dapat manatiling basa para sa tagal ng oras na nakasaad sa mga tagubilin upang maging epektibo. Lagyan muli kung kinakailangan.

Maaaring gamitin ang mga regular na sabong panlaba para sa paglilinis ng mga damit o linen (hal., sapin sa kama at mga tuwalya) na ginagamit ng isang taong may monkeypox.

Ang mga maruruming pinggan at kagamitan sa pagkain ay maaaring hugasan sa isang dishwasher na may sabong pangligpit at mainit na tubig o sa pamamagitan ng kamay gamit ang mainit na tubig at sabon sa pinggan.

Tingnan ang [Paglilinis at Pagdidisimpekta ng CDC sa Iyong Tahanan, Lugar ng Trabaho, at Iba Pang Mga Kapaligiran ng Komunidad](#) para sa mas marami pang impormasyon at mga mungkahi tungkol sa paglilinis habang at pagkatapos ng monkeypox.

19. Saan ako pwedeng pumunta para sa mas marami pang impormasyon?

Los Angeles County, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health)

ph.lacounty.gov/monkeypox

ph.lacounty.gov/monkeypox/vaccine.htm

Centers for Disease Control and Prevention

cdc.gov/poxvirus/monkeypox/index.html

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health)

cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Monkeypox.aspx